SO WHAT

- Kahanay ng kaligtasan at kalayaan natin mula sa kasalanan, ano ang sinasabi ng aklat ng Colosas 2:6 na dapat nating gawin ngayong tayo ay na kay Kristo na?
- Ano ang babala ni Jesus ayon sa Juan 5:14? Ano ang kahihinatnan ng isang taong pinagaling na ngunit patuloy na magkakasala?
- Ayon sa aklat ng Exodus 15:26, ano ang ugnayan ng kagalingan at sa ating pagsunod? Basahan ang Mateo 8:2-4. Ano ang maaaring matutunan mula rito?

NOW WHAT

- Ikaw ba ay may karamdaman ngayon o may kaanak ka ba na may karamdaman? Balikan nating muli ang mga pangako ng Diyos sa Kanyang Salita tungkol sa kagalingan at angkinin ang mga ito na mangyari sa inyong kalagayan.
- Mataimtim na ipanalangin ang mga kakilala at pasiglahin sila sa kanilang pakikipaglaban sa karamdaman, na palagiang magtiwala na si Jesus ay gusto silang pagalingin.
- Sino ang maaari mong ipanalangin upang tumanggap ng kagalingan ngayong linggo? Tandaan palagi na sila ay kailangang ituro kay Jesus at tulungan silang tanggapin ang lubos na kagalingan ng katawan at espiritu.

PRAYER


- Si Jesus ay 'di basta natitinag ng pangangailangan kundi ng pananampalataya (Mateo 13:58). Ipanalangin na ang iyong pananampalataya ay lalong lumago araw-araw.
- Samahan sa panalangin ang iyong mga kasama sa grupo na may karamdaman o may mga mahal sa buhay na may sakit. Patuloy na sama-samang manalangin at umasang tagumpay ay makakamtan.
- Ang kalayaan mula sa kasalanan ay nagdudulot ng pagsunod sa Diyos sa ating buong pagkatao. Manalangin para sa malalim na pang-unawa at karanasan ng biyaya ng Diyos sa araw-araw sa pagpapatuloy mong pagsunod sa Kanyang Salita.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2014
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 4 **FILIPINO**

Gusto mo Bang Gumaling?



NOTES

CONNECT

- Kung kaya mong mag-imbento ng lunas sa isang partikular na sakit, ano ito at bakit?
- Ano ang pinakakinatatakutan mo?
- Naalala mo pa ba ang una mong bakuna? Paano mo naharap ito?

WORD

[5]May isang lalaki roon na 38 taon ng may sakit. [6]Nakita ni Jesus ang lalaki na nakahiga roon at nalaman niyang matagal na itong may sakit. Kaya tinanong siya ni Jesus, "Gusto mo bang gumaling?" . . . [8]Sinabi ni Jesus sa kanya, "Tumayo ka, buhatin mo ang higaan mo at lumakad!" [9]Agad na gumaling ang lalaki. Binuhat niya ang higaan niya at lumakad. . . . JUAN 5:5,6,8,9

WHAT

" Ang kalusugan ay yaman"—ito ang kasabihang napatunayang totoo na kung saan ang mga tao ay nagbuhos ng kanilang panahon, pagsisikap, at pera upang maging malusog at matuklasan ang lunas sa mga karamdaman. Ito ay totoo maging noong panahon ni Jesus. Isa sa mga dahilan bakit sumunod ang mga tao kay Jesus dahil pinagaling ni Jesus ang kanilang mga karamdaman. Basahin ang Juan 5:1-16 at sundan ang mga sumusunod na punto at alamin kung papaano tayo makatatanggap ng kagalingan mula sa Diyos.

1 Ang Diyos ay may kapangyarihang magpagaling.

[8]Sinabi ni Jesus sa kanya, "Tumayo ka, buhatin mo ang higaan mo at lumakad!" [9]Agad na gumaling ang lalaki. Binuhat niya ang higaan niya at lumakad. . . . JUAN 5:8,9

Sa loob ng tatlumpu't walong taon, ang lalaking inbalido ay nag-antay ng isang pagkakataon upang makatanggap ng himala. Ngunit nang kanyang nakapanagpo si Jesus, ang inbalido ay 'di na kailangang hulihin ang mailap na himala mula sa palanguyan—kung saan siya naroroon dagli siyang pinagaling ni Jesus! Alin pang mga pangyayari sa Bibliya na kung saan ang Diyos ay nagpamalas ng Kanyang kapangyarihan upang magpagaling?

2 Gusto tayong pagalingin ng Diyos.

[5]May isang lalaki roon na 38 taon ng may sakit. [6]Nakita ni Jesus ang lalaki na nakahiga roon at nalaman niyang matagal na itong may sakit. Kaya tinanong siya ni Jesus, "Gusto mo bang gumaling?" JUAN 5:5,6

Kadalasan ay hindi mahirap para sa atin ang paniwalaan na ang Diyos ay may kapangyarihang magpagaling, ngunit napapaisip tayong muli kung gusto ba talaga ng Diyos na tayo ay gumaling. Tinanong ni Jesus ang inbalido kung gusto niyang gumaling upang maunawaan niya na nasa kanyang harapan ang himalang kailangan. Ang kagalingan ay isang pangako mula sa Diyos na napagtagumpayan na ni Kristo sa krus para sa atin (Isaias 53:5). Bakit parehong mahalaga na paniwalaan ang kapangyarihan ng Diyos at ang Kanyang kabutihan?

3 Ang ating kagalingan ay nagmumula sa Diyos at nakikita sa ating pagsunod.

[14]Hindi nagtagal, nakita ni Jesus sa templo ang taong pinagaling niya at sinabihan, "O, magaling ka na ngayon. Huwag ka ng magkasala pa, at baka mas masama pa ang mangyayari sa iyo." [15]Umalis ang lalaki at pumunta sa mga pinuno ng mga Judio. Sinabi niya sa kanila na si Jesus ang nagpagaling sa kanya. JUAN 5:14,15

Ang inbalido ay tinanggap ang Salita ni Jesus nang siya ay utusan na damputin ang kanyang higaan at lumakad. Ngunit noong bandang hapon na, mas bingyang-pansin ni Jesus ang kanyang higit na pangangailangan at iyon ay ang kapatawaran ng kasalanan. Ang mga himala na tulad ng kagalingan ay mga palatandaan na nagtuturo patungo kay Jesus. Ang kapatawaran ng ating mga kasalanan ay nagbibigay sa atin ng kalayaang magmahal at sumunod sa Diyos ng buong puso. Si Jesus ang talagang Dakilang Tagapagpagaling na lubos na nagpapagaling sa atin! Nananalig ka ba dito? Papaano?